


KALIGTASAN SA PANAHOON NG BAGYO

Habang nagdadala ang mas malamig na mga buwan ng bago at magkakaugnay na mga hamon sa ating county, tulad ng mga baha, hangin, kawalan ng kuryente, mudslide, malamig na temperatura, gumagawa ang Alameda County ng aksyon para maprotektahan ang ating mga komunidad.

Habang naghahanda tayo sa matinding panahong ito na sanhi ng klima, may ilang hakbang KA na magagawa ngayon para mapanatiling ligtas ang iyong sarili, ang mga mahal mo sa buhay at ang mga kapitbahay.



Inihanda ng
[Mga Kaugnayan sa Gobyerno at Komunidad \(Government & Community Relations,GCR\)](#)
[Tanggapan ng Pagiging Handa sa Sakuna at Pamamahala ng Emergency ,DPem\)](#)

Kontakin Kami: SSADPEM@acgov.org

MGA PAYO PARA SA KALIGTASAN SA PANAHOON NG BAGYO

I-click kung saan ka makakakita ng asterisk (*)



MALALAKAS NA BAGYO *

- Maghanda para sa malalakas na bagyo na maaaring magdulot ng kawalan ng kuryente at pumigil sa iyong makaalis ng bahay.
- Magtipon ng pagkain, tubig at gamot bago ang bagyo.
- Ipaalam sa isang tao kung saan ka pupunta, kung pinaplano mong magbiyahe.



MGA KAWALAN NG KURYENTE *

- Panatilihing naka-charge nang husto ang mga baterya ng cell phone at tipirin ang iyong baterya sa pamamagitan ng paglilimita ng paggamit ng cell phone kapag walang kuryente.
- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng kumpanya ng iyong kuryente para maabisuhan ka tungkol sa anumang problema sa kuryente.
- Mag-enroll sa isang programa ng medial baseline para matiyak na ikaw ay ligtas kung mawawalan ng kuryente at gagamitin mo ang iyong de-kuryenteng pangmedikal at/o pantulong na mga device.
- Magplano ng transportasyon kasama ang mga tagapag-alaga kung hindi matutugunan ang iyong mga pangangailangan sa kapag walang kuryente.



MALALAKAS NA HANGIN *

- Huwag lumabas o manatili sa masisilungang lugar. Iwasang magmaneho kung maaari.
- Higpitan ang anumang maluluwag na bagay na maaaring liparin at magdulot ng pinsala sa ari-arian o pinsala.
- Lumayo sa mga puno at linya ng kuryente, at huwag na huwag lalapit sa mga bumagsak na linya ng kuryente. Iwasan ang anumang posibleng nakadikit sa bumagsak na linya, kasama ang mga sanga ng puno at sasakyan.



MALALAMIG NA TEMPERATURA *

- Huwag lumabas hangga't maaari. Posibleng bumaba ang temperatura ng katawan sa hindi ligtas na mga antas sa malalamig na temperatura. Kung kailangan mong lumabas, magsuot ng damit para mainitan na may mga layer para panatilihin ang init, guwantes, mga scarf, medyas, at sumbrero.
- Ligtas na painitin ang iyong bahay. Huwag gumamit ng mga kalan, generator, o mga ihawan na gumagamit ng gas o uling para painitin ang loob ng iyong bahay. Maaaring makasama sa iyo ang mga usok.
- Alamin kung saan ka pupunta kung walang sapat na painit ang iyong bahay. Pumunta sa bahay ng kaibigan, community center, shopping mall o pampublikong library. Tanungin ang mga opisyal ng county para sa emergency tungkol sa mga center para magpainit (warming center) na malapit sa iyo.



MGA BAHA *

- Maghandang ilikas ang mga mahal sa buhay at alagang hayop sa mas mataas na lugar kung iuutos ito. Magkaroon ng Pang-emergency na mga supply na nakaimpake sa Go Bag (Mabibitbit na Bag). Maaaring mabilis na magkaroon ng mga flash flood.
- Panatiliing puno ang tangke ng gasolina ng iyong kotse nang kahit kalahati kung sakaling sabihin sa iyong lumikas. Posibleng may mga antala sa trapiko.
- Huwag na huwag magmamaneho sa paligid ng mga barikada, magmaneho o lumakad sa tubig baha. Posible itong mas malalim kaysa sa akala mo at maaari nitong matangay ka o ang iyong kotse.



MGA MUDSLIDE *

- Alamin kung nasa mataas na panganib ang iyong lugar dahil sa mga dalusdos (slope) at pagdaloy ng tubig (runoff), mga naunang pagdaloy ng putik (mudflow), pagbaha o mga sugat sa pagkasunog mula sa mga wildfire.
- Mag-ingat at manatiling alerto sa loob ng ilang araw pagkatapos nito. Mapanganib ang mga mudslide kahit pagkatapos tumigil ng ulan.
- Makinig o manood ng mga ulat tungkol sa lagay ng panahon at lumikas kaagad kung iuutos.

